Self-Determination Program
Mga Setting ng mga Serbisyong Nakabase sa Tahanan at Komunidad (Home and Community-Based Services)

Ang mga setting kung saan ang isang serbisyong binili sa pamamagitan ng Self-Determination Program (SDP) na plano sa paggasta, ibinebenta o hindi ibinebenta, na partikular na idinisenyo para sa mga grupo ng mga indibidwal na may mga kapansanan sa pag-unlad ay nangangailangan ng pagtatasa upang matukoy kung ang setting ay nakakatugon sa Home and Community-Based Services Final Rule.

Ang mga provider na nagbebenta sa isang regional center upang magbigay ng alinman sa mga sumusunod na serbisyo sa tradisyonal na sistema ng paghahatid ng serbisyo at na nagpaplanong magbigay ng mga serbisyo sa isang kalahok sa SDP sa parehong setting ng mga tradisyonal na serbisyo, ay kinakailangang kumpletuhin ang pagtatasa sa Kalakip B.

Uri ng Serbisyo	**Kodigo ng Serbisyo**	**Paglalarawan ng Kodigo ng Serbisyo**
Residensyal	096	Pasilidad para sa Matatanda (Residensyal na Pasilidad ng Pangangalaga para sa mga Matatanda)
Residensyal	113	Lisensyadong Espesyalisadong Residensyal na Pasilidad ng DSS (Mga Residensyal na Pasilidad para sa mga Nasa Hustong Gulang na may mga Espesyal na Pangangailangan sa Pangangalagang Pangkalusugan)
Residensyal	904	Pampamilyang Ahensyang Pantahanan (Pampamilyang Tahanan para sa Nasa Hustong Gulang, Sertipikadong Pampamilyang Tahanan, Pampamilyang Tahanan ng Pagtuturo)
Residensyal	905, 915	Residensyal na Pasilidad para sa Nasa Hustong Gulang
Residensyal	910, 920	Residensyal na Pasilidad para sa mga Bata; Panggrupong Tahanan; Pampamilyang Foster na Tahanan; Tahanan para sa Maliit na Pamilya
Programa sa Araw	028	Programa ng Pagsasanay sa Pakikisalamuha
Programa sa Araw	055	Programa ng Pagsasanay sa Pagiging Bahagi ng Komunidad
Programa sa Araw	063	Mga Serbisyong Sumusuporta sa mga Aktibidad na Pangkomunidad
Programa sa Araw	475	Serbisyong Pagsasanay para sa mga Nasa Hustong Gulang na Nakabase sa Komunidad at Idinidirekta ng Kalahok (Provider ng Pagsasanay na Nakabase sa Komunidad)
Programa sa Araw	505	Sentro ng Aktibidad

Programa sa Araw	510	Sentro para sa Pag-unlad ng mga Nasa Hustong Gulang
Programa sa Araw	515	Programa sa Pamamahala ng Pag-uugali
Programa sa Araw	855	Day Care para sa Nasa Hustong Gulang (Day Care na Pasilidad para sa Nasa Hustong Gulang)
Trabaho	950	Suportadong Programa sa Trabaho-Mga Serbisyong Panggrupo
Trabaho	954	Programa ng Aktibidad sa Trabaho